**Umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi**

**Ang Kabang-yaman**

Ang Kabang-yaman ay ang pangunahing may tungkulin sa central accounting, pangongolekta at mga kabayaran para sa Pamahalaan; pagbayad ng mga sahod sa serbisyo sibil, mga allowance, mga benepisyo at pensiyon; mga serbisyong accounting at pamamahala sa pananalapi sa mga kawanihan ng pamahalaan at kagawaran; at pamamahala sa pondo.

Ang Kabang-yaman ay nakatuon sa pagbibigay ng kalidad na mga serbisyo at pagtiyak sa pantay-pantay na paglapit ng publiko sa mga serbisyo, anuman ang kanilang kaibahan sa kultura at wika dahil sa pagkakaiba ng lahi. Ang mga panukalang ipinatupad/ipatutupad ng Kabang-yaman upang itaguyod ang pagkakapantay-pantay ng lahi ay nakasaad sa ibaba.

| | |
|---|---|
| Mga Serbisyong May Kinalaman | • Ang Kabang-yaman ay nagbibigay ng mga serbisyong accounting at pamamahala sa pananalapi sa Pamahalaan na kinabibilangan ng kaugnay na serbisyo sa pangkalahatang katanungan sa mga miyembro ng publiko pati na rin ang serbisyong katanungan sa pensiyon sa mga pensiyonado at mga kaugnay na tao. |
| Umiiral na Mga Panukala | • Ang Kabang-yaman ay gumagamit ng Tsino at/o Ingles sa pagkakaloob ng mga serbisyo nito. Ang mga form sa aplikasyon para sa publiko ay ibinibigay sa Tsino at/o Ingles. Ang impormasyon sa websayt ng kagawaran ay nakalagay sa parehong Tsino at Ingles.<br>• Ang mga kard sa pagkakakilanlang ng wikang inihanda ng Sentro Para sa Etniko Minoeyra (CHEER) ay makukuha sa mga counter ng serbisyo publiko ng Kabang-yaman upang mapadali ang komunikasyon sa mga tagagamit ng serbisyong magkakaibang lahi na hindi magawang makipag-usap ng maayos sa binibigkas o sinulat na Tsino o Ingles. |

| | |
|---|---|
| | - Para sa mga katanungan sa telepono o walk-in mula sa mga tagagamit ng serbisyong magkakaibang lahi, ang serbisyong interpretasyong 3-way voice conference ng CHEER ay gagamitin kung kinakailangan at naaangkop.<br>- Para sa mga nakasulat na katanungan mula sa mga tagagamit ng serbisyong magkakaibang lahi, ang serbisyong pagsasalin ay isasaayos kung kinakailangan at naaangkop.<br>- Ang panloob na pamamaraan sa pagbibigay ng mga serbisyo sa wika ay ibinigay na sa mga kawani sa frontline upang mapahusay ang kanilang kamalayan sa mga serbisyo sa wika at interpretasyon na magagamit ng mga tagagamit ng serbisyong magkakaibang lahi.<br>- Upang dagdagan ang mga oportunidad sa pagtatrabaho sa pamahalaan para sa mga Di-Etnikong Tsino (NEC), ang kinakailangan sa pagpasok kaugnay sa kasanayan sa wikang Tsino para sa mga Antas ng Kabang-yaman ay ibinaba na mula noong 2018. |
| Mga Karagdagang Panukalang Ipinatupad/ Ipatutupad | - Ang panloob na pagsasanay ay ibinigay na sa mga kawani at patuloy na ibibigay upang mapahusay ang pagiging sensitibo at pag-unawa ng mga kawani sa pagkakapantay-pantay ng lahi sa pagkakaloob ng mga serbisyo.<br>- Patuloy na mahihikayat ang mga kawani na dumalo sa pagsasanay sa pagiging sensitibo sa lahi at pagkakaiba ng kultura.<br>- Ang Kabang-yaman ay nakilahok sa Programang Internship para sa mga Estudyanteng NEC sa Unibersidad mula noong tag-init ng 2020 upang bigyan ng pagkakataon ang mga kabataang NEC na matamo ang karanasan sa pagtatrabaho at mapalakas ang kanilang kakayahan sa paghahanap ng trabaho. Sa hinaharap, ang Kabang-yaman ay magpapatuloy na lumahok sa Programa. |

| | |
|---|---|
| Pagtatasa ng Gawain sa Hinaharap | ● Ang mga katugunan/mungkahi mula sa mga tagagamit ng serbisyong magkakaibang lahi at mga kawani ay tinitipon para sa tuloy-tuloy na pagpapabuti ng serbisyo.<br>● Ang mga data at estadistika sa paggamit ng mga serbisyo ng mga tagagamit ng serbisyo ay tinitipon upang mapadali ang pagtatasa sa mga patakaran at panukala |
| Pagsusubaybay sa Bisa at Katugunan ng Tagagamit | ● Ang bisa ng mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi at katugunan ng mga tagagamit ay masusing susubaybayan.<br>● Ang mga katugunan/mungkahi mula sa mga tagagamit ng serbisyong magkakaibang lahi at mga kawani ay susuriin at ilalakip ang mga karagdagang pagpapahusay kung kinakailangan at naaangkop.<br>● Ang pana-panahong pagsusuri sa mga pamamaraan sa pagbibigay ng mga serbisyo sa wika ay isasagawa upang ma-update at malinang kung kinakailangan. |

**Mga katanungan/ Reklamo**

Para sa mga katanungan tungkol sa mga umiiral at karagdagang mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi sa Kabang-yaman, mangyaring makipag-ugnay kay Mr. Sam LIU, Ikalawang Kalihim Pangkagawaran (Assistant Departmental Secretary) (Pamamahala sa Gusali), sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan –

| | |
|---|---|
| Telepono: | 3847 8822 |
| Fax: | 2598 9273 |
| E-mail: | info@try.gov.hk |
| Postal Address: | 21/F, Immigration Tower, 3 Tonkin Street West,<br>Cheung Sha Wan, Kowloon, Hong Kong |

**Ang Kabang-yaman**
**Setyembre 2023**